



mindanaojourney.blogspot.com



GABAY SA PAGTATANIM NG ORGANIKONG TALONG



Ang talong (*Solanum melongena* L.) ay isa sa pinakamahalagang gulay sa Pilipinas. Umaabot sa 20,907 ektarya ang taniman ng talong sa bansa noong 2006 at may taunang produksyon ng mahigit sa 210,000 tonelada (PSA, 2012). Ang mga batang bunga ay maaaring ihawin, iprito, o gawing sahog sa ulam. Ito ay mainam sa kalusugan sapagkat mapagkukunan ng *Calcium* (Ca), *Phosphorus* (P), *Iron* (Fe) at mga Bitaminang A, B, at C.



PANGANGAILANGAN SA LUPA AT KLIMA

Maaaring itanim ang taong anumang buwan saan mang lugar sa Pilipinas at angkop sa 21°C – 29°C na temperatura. Ang lupa ay dapat buhaghag at hindi tinitigilan ng tubig. Mainam ang katamtamang asim ng lupa (pH 5.5 - 6.8) sa pagtubo ng halaman.

MGA REKOMENDADONG VARIETY

Barayti na Lilang haba - Dumaguete Long Purple, Mara 89-002, Llamado

Barayti na Berde – Concepcion, Araya

Barayti na Lilang guhitan- Mistisa (A 300)



PAGHAHANDA NG LUPANG TANIMAN

Araruhin at suyurin ang lupa at haluan ng dumi ng hayop at CRH (1-2 kilo bawat metro kuwadrado). Maghanda ng kamang may lapad na 1 metro at anumang haba. Balutan ng plastic mulch o pinatuyong dayami ang taniman upang makabawas sa damo, dilig, at maging maganda ang tubo ng halaman.



PAGPUPUNLA

Gumamit ng 200-250 g ng binhi para sa 1 ektarya. Maghanda ng 1 m x 1 m na punlaan at haluan ng binulok na dumi ng hayop o *compost* at *carbonized rice hull* (CRH). Tambakan ng ipa at silaban upang maiwasan ang pagkatuba o *damping-off*. Diligan ang punlaan at guhitan ng pahalang na may pagitang 10-15 cm. Ibudbud ng madalang ang buto at tabunan ng manipis na *compost*. Takpan ng ipa o dayami ang punlaan at muling diligan.

Kung tag-ulan, iminumungkahi na bubungan ng *plastic* o *net* ang punlaan. Diligan ng tea manure ang mga punla kung kulang sa sigla.



PAGLILIPAT-TANIM

Maglipat-tanim 4 na linggo mula pagka-punla. Itanim ang mga punla ng may pagitan na 1-1.2 metro. Diligan ang mga halaman pagkatapos maglipat-tanim at takpan ng dayami o damo.



PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON:

Mag-text sa PhilRice text center 0920-911-1398

Bisitahin ang Pinoy Rice Knowledge Bank www.pinoyrice.com
rice_matters (twitter) | rice.matters (facebook)





PANGANGALAGA

Patubigan ang taniman tuwing ika 10 araw o kung kinakailangan. Damuhan ang puno ngunit magtira ng damo sa pagitan ng daan. Kung kulang sa lusog ang halaman, magdilig ng *tea manure*. Maglagay ng *manure* at abo minsan isang buwan at putulin ang mga sanga at dahon sa ibaba ng unang bunga.



PAMAMAHALA SA SAKIT AT PESTE

Gumamit ng maresistensyang barayti. Iwasan ang "*monocropping*". Sa halip ay magtanim ng ibang gulay sa loob at paligid ng taniman. Maaaring magtanim ng basil, amarillo, sunflower, tanglad at okra sa paligid.



Pinagkainang lagusan ng uod sa loob ng nasirang bunga ng talong



Pagsasama-sama ng dapulak sa dahon ng talong



Parang hagdang pinsala na sanhi ng pangiginain ng batik-batik na pagong-pagongan.



Batik-batik na pagong-pagongan.



<http://www.specialtyproduce.com>

Isang halimbawa ng pagkontrol sa peste ng talong. Pagtatanim ng okra para masilo at pamahalaan ang ngusong-kabayo.



PAG-ANI

Mag-ani habang bata pa ang mga bunga upang makaiwas sa insektong mambubutas. Gumamit ng malinis na kutsilyo o *pruning shears*. Ihiwalay ang mga may sira sa wala. Hugasan ang mga walang sirang bunga ng malinis na tubig at patuyuin sa lilim. Magsapin ng dahon ng saging o dyaryo sa mga *plastic crate* at ilagay sa malamig na lugar para magtagal.



REFERENCES

Bureau of Agricultural Statistics. 2010. Production area production (mt.) and other data.

Maghirang RG, Maligalig TT, Rodulfo GS. Pagtatanim ng organikong talong. Philippine Organic Agriculture Information Network. Petsa ng pagdownload: August 28, 2015 mula sa <http://www.pcaarrd.dost.gov.ph/home/momentum/philorgagri>

Mamaril VR, Sicat SR, Sison E, Buño TS. 2013. Eggplant Production Guide. Department of Agriculture – Bureau of Plant Industry (DA – BPI). 13p. Petsa ng pagdownload: August 31, 2015 mula sa http://bpi.da.gov.ph/pdf/publication/production_guide/PRODUCTION_GUIDE-EGGPLANT.pdf.

Mariano Marcos State University. Eggplant Technology Guide (Brochure). Petsa ng pagdownload: August 31, 2015 mula sa http://ilarrdec.mmsu.edu.ph/manuals/08_eggplant_english.pdf.

Philippine Statistics Authority. 2012. Production by Type of Crop 2010 to 2012 (in thousand metric tons). Statistics: Agriculture and Fishery. Agriculture. Petsa ng pagdownload: August 31, 2015 mula sa http://www.nscb.gov.ph/secstat/d_agri.asp#.

Srinivasan R. 2009. Insect and mite pests on eggplant: a field guide for identification and management. AVRDC – The World Vegetable Center,

Shanhua, Taiwan. AVRDC Publication No. 09-729. 64 p.

Ang mga impormasyon sa babasahing ito ay hindi pagmamay-ari ng PhilRice. Ang mga ito ay maaaring kinuha ng buo o isinalaysay sa sariling paliwanag mula sa pinaghalawan.

Ang *copyright* ay mananatili sa orihinal na pinaghalawan.